

1 Ang lungsod ay kumakatawan sa isang lugar na masisilugan.

²Sabihin ninyo ito, kayo na iniligtas niya sa kamay ng mga kaaway. ³Dahil tinipon niya kayo mula sa silangan, kanluran, timog at hilaga. **MGA SALMO 107:2,3**

Sa Lumang Tipan, ang pinakamahalagang lungsod para sa mga Judio, ang mga Israelita na mamamayang pinili ng Diyos, ay ang lungsod ng Jerusalem na napalilibutan ng pader. Noong panahong ito, ang mga lungsod ay nakatayo sa mga matataas na lugar, may matataas na pader, at matatagpuan malapit sa mapagkukuhaan ng tubig. Kumakatawan ang mga ito sa kaligtasan at kapanatagan. Paano ipinakita sa iyo ng Diyos na Siya ang iyong kanlungan sa gitna ng mga mapaghamong kalagayan?

.....

.....

.....

.....

2 Nais ng Diyos na dalhin ang mga tao sa lugar na masisilugan.

⁶Sa kanilang kahirapan, tumawag sila sa Panginoon, at iniligtas niya sila sa kagipitan. ⁷At pinatnubayan niya sila papunta sa lungsod na matitirahan. **MGA SALMO 107:6,7**

Bago tinubos ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan, sila ay naglakbay, at hindi nila makita ang daan papuntang lungsod na maaari nilang tirhan. Sila'y nagutom at nauhaw at halos mamatay na (Mga Salmo 107:4,5). Subalit iniligtas Niya sila sa kagipitan, at pinatnubayan Niya sila papunta sa lungsod na matitirahan. Ang nasa puso ng Diyos ay ang tubusin ang lahat ng tao at dalhin sila sa Kanyang kanlungan. Paano tayo naging bahagi ng plano ng Diyos, ayon sa Mateo 28:19?

.....

.....

.....

.....

3 Si Jesu-Cristo ang daan tungo sa isang lugar ng ligtas.

²Sabihin ninyo ito, kayo na iniligtas niya sa kamay ng mga kaaway. . . . ⁶Sa kanilang kahirapan, tumawag sila sa Panginoon, at iniligtas niya sila sa kagipitan. **MGA SALMO 107:2,6**

Matapos masakop ng mga taga-Babilonia ang kanilang lungsod, ang mga Judio ay ipinatapon at kumalat sa iba't ibang lugar. Ang mga tinubos ng Diyos ay ang mga inipon Niya at ibinalik sa lungsod, ang lugar kung saan may kaligtasan. Sa atin ngayon, tinubos tayo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo (Mga Taga-Efeso 1:7). Hindi lamang Niya tayo tinubos mula sa ating kasalanan, kundi Siya din ang lugar ng ating kaligtasan. Ikuwento ang sarili mong patotoo kung paano mo nakilala si Jesus.

.....

.....

.....

.....

APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang pagtubos sa pamamagitan ng dugo ni Cristo? Hilingin sa iyong lider na ipanalangin ka tungkol dito.
- Pinapakinggan ng Diyos ang ating mga hinaing at kagustuhan upang dalhin tayo sa isang ligtas na lugar. Paano mababago ng katotohanang ito ang pananaw mo tungkol sa Diyos? Paano nito maaapektuhan ang buhay mo? May mga bahagi ba ng buhay mo kung saan kailangan mong maalala na maaari mong pagkatiwalaan ang Diyos?
- Paano ka tutugon sa utos ng Diyos na tulungan ang mga tao mula sa iba't ibang bayan na sumunod sa Kanya? Magbahagi ng isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo.